

MAIKLING PANIMULANG GABAY

Mga Mithiin sa Araw-araw na Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan



ANONG BAGO SA TAONG ITO

Simula sa Enero 1, 2021, ang mga estudyante sa seminary na nagnanais magkaroon ng credit sa kurso ay kinakailangang nakapagbasa sa aklat ng mga banal na kasulatan para sa kursong pinag-aaralan nila ng hindi kukulangin sa 75 porsiyento ng mga araw sa semester calendar (tingnan sa “Scripture Reading Expectations for Course Completion and Graduation” sa Policy Manual). Matutulungan ng mga titser ang mga estudyante na magawa ito sa pamamagitan ng pagsuporta sa kanila sa pagtatakda at pagsasakatuparan ng mga mithiin sa araw-araw na pag-aaral ng mga banal na kasulatan.



ANG KAHALAGAHAN NG ARAW-ARAW NA PAG-AARAL NG MGA BANAL NA KASULATAN

Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson “[Habang nagsisikap tayong maging] mga disipulo ni Jesucristo, ang mga pagsisikap nating pakinggan Siya ay kailangang gawin nang mas may hangarin. Kailangan ng kusa at tuluy-tuloy na pagsisikap na punuin ang bawat araw ng ating buhay ng Kanyang mga salita, Kanyang mga turo, Kanyang mga katotohanan. . . . Ang araw-araw na masigasig na pag-aaral ng salita ng Diyos ay mahalaga para sa espirituwal na kaligtasan lalo na sa tumitinding kaguluhan sa panahong ito. Kapag nagpapakabusog tayo sa mga salita ni Cristo araw-araw, ang mga salita ni Cristo ay magsasabi sa atin kung paano tutugon sa mga paghihirap na hindi natin inakalang daranasin natin” (“Pakinggan Siya,” pangkalahatang kumperensya ng Abril 2020).



PAANO MO MATUTULUNGAN ANG IYONG MGA ESTUDYANTE

Matutulungan ng mga titser ang mga estudyante sa pamamagitan ng paglikha ng mga makabuluhang karanasan sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan sa bawat sesyon ng klase. Sa simula ng bawat term, ang mga titser ay dapat maglaan ng oras para matalakay ng mga estudyante ang kahalagahan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan at ang naitutulong nito sa kanila para mas mapalapit sila sa kanilang Tagapagligtas na si Jesucristo. Dapat hikayatin ang mga estudyante na magtakda ng sarili nilang mga mithiin sa araw-araw na pag-aaral ng mga banal na kasulatan.

Mahalaga ang ginagampanan ng mga titser sa pagtulong sa mga estudyante na magawa ang kanilang mga personal na mithiin sa araw-araw na pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Magagampanan ng mga titser ang tungkuling ito sa maraming paraan, kabilang ang:

- Paggamit ng mga banal na kasulatan at mga turo ng mga makabagong propeta upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang kahalagahan ng araw-araw na pag-aaral ng mga banal na kasulatan para sa kanilang pagiging disipulo at pagbabalik-loob kay Jesucristo.

- Pagtulong sa mga estudyante na magtakda ng mga mithiin sa araw-araw na pag-aaral ng mga banal na kasulatan na angkop, makabuluhan, at ayon sa kanilang mga pangangailangan at kakayahan.
- Pagkilala sa mga estudyante at regular na pag-follow up sa kanila tungkol sa kanilang mga karanasan sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan.
- Palagiang pagbibigay ng mga pagkakataon sa mga estudyante na mapatotohanan ang natututuhan at nadarama nila tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo sa pamamagitan ng kanilang personal na pag-aaral ng mga banal na kasulatan.
- Palagiang pagtulong sa mga estudyante na maging responsable sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pagkakataon sa mga estudyante na masubaybayan ang kanilang araw-araw na personal na pag-aaral ng mga banal na kasulatan sa mySeminary app o sa iba pang paraan ng pagrerekord.
- Pagtulong sa mga estudyante sa paraang mahihikayat sila na kumpletuhin ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan kung ang marka nila ay mababa sa 75 porsiyento.



MAKUKUHANG RESOURCES PARA SA MGA TITSER

- Lahat ng titser ay dapat bigyan ng training ng kanilang inservice leader sa pamamagitan ng inservice experience o buwanang talakayan. Ang mga lokal na pag-aangkop sa training na ito ay dapat gawin ayon sa napag-usapan kasama ang region director.
- Ang mga mungkahi sa pagtulong sa mga estudyante na irekord at subaybayan ang kanilang araw-araw na pagbabasa ng mga banal na kasulatan sa mySeminary app ay matatagpuan sa <https://web.microsoftstream.com/channel/8600711f-29ec-40c8-99d2-c1240a7204ec>.
- Ang lokal na pag-aangkop ay maaaring gawin sa mga lugar kung saan hindi available ang mySeminary app.
- Ang mga alituntuning matatagpuan sa bahaging “Makeup Work” ng policy manual ay dapat gamitin sa pagtulong sa isang estudyante na may markang mababa sa 75 porsiyento sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan. Ang mga halimbawa ng makeup work para sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan ay matatagpuan sa inservice outline na binanggit sa itaas.

